

Naghahanap ang FEMA ng Multifamily Properties upang Patirahin ang Mga Nakaligtas sa Hurricane

Release Date: Nov 9, 2024

Naghahanap ang FEMA ng mga multifamily property na maaaring magamit bilang pansamantalang pabahay para sa mga karapat-dapat na nakaligtas sa mga Hurricane Helene at Milton. Ang mga yunit na ito ay dapat matugunan ang mga regulasyon sa lokal, estado at pederal na pabahay.

Ang mga multifamily property para sa pagsasaalang-alang ay dapat nasa at paligid ng mga komunidad na apektado ng mga Hurricane Helene at Milton, kasama ang Citrus, Columbia, Dixie, Hamilton, Hernando, Lafayette, Levy, Madison, Okeechobee, Pasco, Pinellas, Suwannee at Taylor county. Hinihikayat ng FEMA ang lahat ng interesadong multifamily property na isaalang-alang ang pakikibahagi.

Ang deadline para sa mga may-ari at tagapamahala ng property na dapat sumagot ay **Biyernes, Nobyembre 29, 2024**. Ang mga interesadong partido ay kailangang mag-email sa_fema-mlr-dr4828fl@fema.dhs.gov.

Ano ang Multifamily Lease and Repair program?

Ang Multifamily Lease and Repair (MLR) ay isang uri ng pansamantalang tulong sa pabahay na nagbibigay-daan sa FEMA na ayusin o gumawa ng mga pagpapabuti sa umiiral na multifamily rental/residence property para sa layuning magbigay ng pansamantalang pabahay sa mga karapat-dapat na aplikante ng FEMA. Ang mga property sa MLR ay iaalok bilang pansamantalang pabahay sa mga karapat-dapat na nakaligtas sa sakuna. Ang mga property ay dapat magagamit para sa isang termino na hindi bababa sa 18 buwan, na may pagpipilian ng ekstensyon ng pag-upa. Ang mga property ay dapat mga complex na maaring magpatira ng isang malaking bilang ng mga tao sa isang solong lokasyon. Ang bawat property ay dapat na dati nang ginamit bilang isang



FEMA

Page 1 of 4

multifamily housing complex at mayroong maraming mga yunit ng pag-upa. Ang mga hotel, ospital, nursing home, atbp ay hindi itinuturing na pangtirahan na property at hindi pinahintulutan para sa MLR. Ang site ay dapat na maaring maayos sa mga lokal, estado at pederal na regulasyon sa loob ng apat na buwan at hindi maaaring matatagpuan sa isang floodway.

Hindi layunin ng MLR na ayusin o pagbutihin ang mga indibidwal na yunit upang muling patirahin ang mga kasalukuyang umuupa

Anong mga kondisyon ang kailangang matugunan ng property?

- Ang lahat ng mga kumpanya ng pamamahala o may-ari ng property ay dapat magparehistro upang makipagnegosyo sa FEMA sa pamamagitan ng System for Award Management (SAM) sa [SAM.gov](https://sam.gov).
- Dapat ibigay ng may-ari ng property ang lahat ng mga serbisyo sa pamamahala ng ari-arian, kabilang ang pangangalaga.
- Ang mga bakanteng yunit sa property ay dapat maaring magagamit upang maipaupa nang eksklusibo sa FEMA para magamit bilang pansamantalang pabahay para sa mga karapat-dapat na nakaligtas para sa isang termino na matatapos nang hindi mas maaga sa 18 buwan, na may posibilidad ng ekstensyon ng kontrata.
- Ang property ay dapat nasa isang lugar na may access sa mga pamayanan at serbisyong wraparound tulad ng naa-access na pampublikong transportasyon, paaralan, sunog at emerhensiya na serbisyo, mga grocery, atbp.
- Ang bawat yunit ay dapat magbigay ng kumpleto at independiyenteng pasilidad sa pamumuhay para sa isa o higit pang mga tao at naglalaman ng permanenteng probisyon para sa pamumuhay, tulugan, lutuan at sanitasyon.
- Ang ari-ari ay dapat maglamang ng maraming mga yunit.
- Ang ari-arian ay dapat na dati nang ginamit bilang pabahay na multifamily.
- Dapat sumang-ayon ang may-ari ng property na payagan ang FEMA na gumawa ng makatwirang akomodasyon at/o pagbabago na pag-aayos o pagpapabuti sa panahon ng termino ng pag-upa nang hindi inaatas sa FEMA na alisin ang mga pagpapabuti sa pagtatapos ng kasunduan sa pag-upa.

Anong iba pang mga tuntunin o kundisyon ang mayroon?



FEMA

Page 2 of 4

- Isang probisyon na nagbibigay sa FEMA ng eksklusibong paggamit ng mga yunit at ang nag-iisang magpapasya upang makilala at piliin ang mga naninirahan sa panahon ng kasunduan sa pag-upa.
- Isang probisyon na nagbibigay sa FEMA ng pagpipilian na igawad ang yunit sa may-ari at ihinto ang lahat ng buwanang pagbabayad para sa yunit sa anumang oras sa pamamagitan ng pagbibigay ng 30 araw na abiso.
- Isang probisyon na nagsasama ng pag-upa na naglalaman ng mga kundisyon ng pagiging karapat-dapat at pagwawakas ng pag-upa at pagpapaalis ng FEMA sa anumang pag-upa sa pagitan ng may-ari ng ari-arian at ng naninirahan.
- Isang probisyon na sumasang-ayon na tanggalin ang credit screening para sa mga karapat-dapat na mga aplikante.
- Isang probisyon na nagpapahintulot sa FEMA na muling italaga ang isang binakanteng yunit kapag ang mga karapat-dapat na aplikante ay nangangailangan ng pansamantalang tulong sa pabahay, at magagamit ang isang yunit bago matapos ang panahon ng tulong.
- Ang mga may-ari ng property ay dapat na kasalukuyan at nasa mabuting katayuan sa mga pagbabayad sa property mortgage at tiyak na ibinibigay ang pagpapatunay ng mortgage standing pati na rin ang patunay ng pag-aari.

Anong impormasyon ang hiniling?

Ang mga interesadong may-ari ng property ay dapat ibigay ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan ng complex, lokasyon, pangalan ng may-ari at numero ng telepono o impormasyon sa pakikipag-ugnayan (kung hindi may-ari ng property)
- Katayuan ng mga pagbabayad sa Mortgage ng property.
- Kabuuang bilang ng mga yunit ng pabahay sa loob ng property.
- Bilang ng mga bakanteng yunit ng pabahay na mayroong hiwalay na banyo, kusina, at living space
- Bilang ng mga bakanteng yunit ng pabahay na magagamit para sa eksklusibong paggamit ng FEMA.
- Bilang ng mga bakanteng yunit ng pabahay na sumusunod sa UFAS at/o mga tampok na nagbibigay ng pag-access para sa mga indibidwal na may kapansanan.



FEMA

Page 3 of 4

- Paglalarawan ng mga pag-aayos at pagpapabuti na kinakailangan upang gawing maayos ang mga yunit ng pabahay.
- Paglalarawan ng mga pag-aayos na kasalukuyang ginagawa, kung naaangkop.
- Ang inaasahang haba ng oras na kinakailangan upang gawing matitirahan ang mga yunit ng pabahay (mula sa pagpapatupad ng kontrata).
- Ang taon na ang gusali ay itinayo (kung alam).
- Mga taon na ang gusali ay ginamit para sa pabahay ng multifamily.
- Mga rate ng pag-upa sa huling taon ng operasyon (sabihin kung kasama ang mga kagamitan, at kung gayon, alin).
- Mga paghihigpit sa alagang hayop, tulad ng uri, numero, o laki, at naaangkop na mga deposito sa alagang hayop; at
- Bilang ng mga parking space (kabilang ang naa-access at van-access) na magagamit para sa bawat yunit ng pabahay.

Saan ako tutugon sa kahilingan para sa impormasyon?

- Ang mga interesadong may-ari ng property o mga kumpanya ng pamamahala ay dapat magbigay ng mga tugon at komento sa o bago ang **Biyernes, Nobyembre 29, 2024** sa fema-mlr-dr4828fl@fema.dhs.gov. Dapat makikita sa linya ng paksa ng email ang: RFI # 70FBR425I00000006 Response: MLR-DR-4834-FL.
- Ang karagdagang impormasyon tungkol sa oportunidad na ito ay matatagpuan sa [SAM.gov](https://sam.gov).

###

Ang misyon ng FEMA ay ang pagtulong sa mga tao bago, habang, at pagkatapos ng mga sakuna.



FEMA

Page 4 of 4